DepEd Advisory No. 140, s. 2016
June 6, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKATLONG PAMBANSANG PAGTITIPON NG KALIPUNAN NG MGA NAGKAKAISANG GURO NG ARALING PANLIPUNAN INC.

Ang Kalipunan ng mga Nagkakaisang Guro ng Araling Panlipunan (KALINANGAN) Inc. ay magdaraos ng *Ikatlong Pambansang Pagtitipon* na may temang *Guro ng Araling Panlipunan sa Ika-21 Siglo: Pagpapalawak ng Kaalaman, Kasanayan at Kamalayan* na gaganapin sa ika 27 hanggang 29 ng Agosto 2016 sa Multi-Purpose Hall ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (NCHP).

Ang layunin ng Pagtitipon na ito ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang mga kaalaman tungkol sa mga napapanahong isyu, hamon at pamamaraan ng pagtuturo ng mga paksa sa Grado 11; at
2. mabigyang impormasyon ang mga kasapi tungkol sa mga plano at gawain ng samahan.

Ang mga guro mula sa iba't ibang antas ng pampubliko at pampribadong paaralan sa bansa ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay:

G. Gringo M. Corpuz
Pangulo
Kalipunan ng mga Nagkakaisang Guro ng Araling Panlipunan (KALINANGAN) Inc.
No. 31 Bonifacio Avenue, Christine Village
Barangay De La Paz, Pasig City
Mobile Phone: 0905-489-3901; 0942-074-1421
Email: gmcorpuz09@gmail.com

SMA/DA Ikatlong Pambansang Pagtitipon ng KALINANGAN Inc.
0372/June 2, 2016